Web Copy

COVID-19 vaccines

Ang Vancouver Coastal Health ay nakikipagtulungan sa B.C. Province upang isagawa ang COVID-19 Immunization Plan. Mangyaring basahin ang nasa ibabâ upang malaman kung paano magrehistro para sa isang appointment para sa COVID-19 vaccination. Mangyaring regular na i-check ang page na ito dahil madalas ang pag-update ng impormasyon. Para sa mga materyales na isinalin o naka-translate sa ibang mga wika, bisitahin ang resources section sa ibabâ.

Ang lahat ng mga tao sa B.C. na ipinanganak noong 2009 o bago pa noon (12+) ay dapat magrehistro na ngayon sa provincial booking system upang makuha ang una o pangalawang dosis ng COVID-19 vaccine

Dinagdagan ng VCH ang kapasidad para sa COVID-19 vaccination sa ilang mga sites nito, at nagdagdag din ito ng iba pang mga appointment. Ang lahat ay inaanyayahang magpunta sa aming mga clinic at ang lahat ay hinihikayat na magrehistro online upang mag-book ng appointment.

Mayroon na ngayong same-day drop-in spots para sa mga unang dosis!

Ang VCH ay nag-aalok na ngayon ng same-day drop-in spots sa lahat ng mga COVID-19 vaccination clinics nito. Ang spots na ito ay para sa **mga unang dosis lamang**. Upang humanap ng clinic malapit sa iyo, mangyaring bisitahin ang www.vch.ca/vaccine at gamitin ang interactive map.

Ang lahat ay inaanyayahang magpunta sa aming mga clinic, kahit na wala silang personal health numbers at hindi sila residents ng B.C. May staff na available sa site na tutulong sa mga tao na magrehistro at mag-book ng mga appointment sa ibang mga clinic sa buong rehiyon, kung kinakailangan; makakatulong din silang sagutin ang lahat ng mga tanong na may kinalaman sa vaccine.

Para sa mga taong eligible na ngayon para sa mga pangalawang dosis, ang mga appointment sa lahat ng ibang mga clinic ay available gamit ang provincial online platform o kaya call centre magkatapos magrehistro ng residents para sa isang COVID-19 vaccine sa www.gov.bc.ca/getvaccinated.